
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0007
	Title	Guidelines on the COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) (Revision 2)


A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko															
Tanong	Sagot														
1. Sinu-sino ang maaaring makagamit ng COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP)?	Ang CCIBP ay maaaring magamit ng Filipino at foreign nationals na rehistrado sa PhilHealth. Ang pasyente ay kinakailangang kabilang sa klasipikasyon na suspect, probable o confirmed na kaso ng COVID-19 at na-admit sa isang PhilHealth-accredited na Community Isolation Unit (CIU) na itinalaga ng Local Government Unit (LGU) o National Government (NG).														
2. Paano kung hindi pa rehistrado sa PhilHealth ang pasyente, kwalipikado pa rin ba siyang gamitin ang benepisyong?	Oo, ngunit kinakailangan na punan ng pasyente ang PhilHealth Member Registration Form (PMRF) upang magkaroon ng PhilHealth Identification Number (PIN). Ang PMRF ay kailangang isumite sa PhilHealth. Kung naka-admit na ang pasyente, ito ay maaaring gawin sa tulong ng CIU.														
3. Anu-anong mga serbisyo ang ibibigay ng Community Isolation Units?	<p>Ang mga serbisyon nakapaloob sa benepisyong ito na ayon panuntunan ng DOH ay ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> Isolation sa isang CIU, ayon sa bilang ng araw na itinakda na guidelines ng Department of Health; Pagbibigay ng mga sumusunod sa pasyente: <ul style="list-style-type: none"> - Pagkain; - Indibidwal na hygiene kit; - Edukasyon patungkol sa respiratory etiquette; - Pagsubaybay ng Health Care Professional; - Angkop na gamot; - Diagnostic test at imaging; at - Oxygen support. Paggamit ng transportasyon at pagsangguni sa mas mataas na antas na pasilidad kung kinakailangan. 														
4. Ilang araw kinakailangang mag-isolate ang pasyente?	<p>Ang bilang ng araw ng pag-iisolate ay depende kung ang pasyente ay isang health care worker o hindi at ayon sa kanyang vaccination status:</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <thead> <tr> <th></th> <th></th> <th style="text-align: center;">Health Care Worker</th> <th style="text-align: center;">Non-Health Care Worker</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td rowspan="3" style="text-align: center;">Vaccine Status</td> <td style="text-align: center;">With Booster</td> <td style="text-align: center;">5 days</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Full</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Partial/Unvacci</td> <td style="text-align: center;">10 days</td> <td style="text-align: center;">10 days</td> </tr> </tbody> </table>			Health Care Worker	Non-Health Care Worker	Vaccine Status	With Booster	5 days	7 days	Full	7 days	7 days	Partial/Unvacci	10 days	10 days
		Health Care Worker	Non-Health Care Worker												
Vaccine Status	With Booster	5 days	7 days												
	Full	7 days	7 days												
	Partial/Unvacci	10 days	10 days												



	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0007
	Title	Guidelines on the COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) (Revision 2)

	nated		
5. Kung nag-self quarantine/nag-isolate ang pasyente sa bahay, magagamit ba nya ang CCIBP mula sa PhilHealth?	Hindi. Ang CCIBP ay maaari lamang magamit kung ang pasyente ay na-admit sa isang PhilHealth-accredited CIU.		
6. Saang mga pasilidad maaaring magamit ang benepisyo para sa community isolation?	Ito ay maaaring magamit sa lahat ng pribado at pampublikong Community Isolation Units na accredited ng PhilHealth.		
7. Paano kung sa kalagitnaan ng admisyon ay lumala ang kalagayan ng pasyente?	Isa sa mga serbisyo na nakapaloob sa CCIBP ay ang referral at transportasyon sa mas mataas na pasilidad. Kung ang kalagayan ng pasyente ay lumala, ang CIU ang siyang magdadala sa isang mataas na pasilidad upang mabigyan siya ng karapat-dapat na pangangalagang medikal.		
8. Maaari pa rin bang magamit ang CCIBP kung ang pasyente ay gumaling na at galing sa mas mataas na pasilidad?	Oo, maaari pa ring magamit ang CCIBP kung ang pasyente ay galing na sa isang ospital para magamot sa sakit na COVID-19 at pinayuhan ng doktor na ipagpatuloy ang isolation sa isang CIU.		
9. Ilan beses maaaring ma-admit sa isang CIU?	Maaaring ma-admit nang higit sa isang beses ang pasyente depende sa assessment ng doctor o ng healthcare workers na itinalaga ng NG o LGU.		
10. Mayroon pa bang dapat bayaran sa CIU ang isang pasyente?	Wala nang dapat bayaran ang pasyente sapagkat ang lahat ng serbisyo na dapat matanggap ay nakapaloob na sa CCIBP at ito ay binayaran na ng PhilHealth.		
B. Karaniwang tanong mula sa Health Care Facility			
11. Anu-ano ang mga requirement o kinakailangan para ma-accredit ng PhilHealth ang isang CIU?	<p>Ang mga sumusunod ay kailangang isumite ng isang CIU para sa initial, renewal o re-accreditation na aplikasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> - Patunay na sertipikasyon mula sa DOH o listahan na kasama sa mga sertipikadong CIU ng DOH mula sa mga Center for Health Development (CHDs); 		



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0007
	Title	Guidelines on the COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) (Revision 2)

	<ul style="list-style-type: none"> - Provider Data Record (PDR); - Pirmadong Performance Commitment; - Supplemental Provider Data Record (PDR); - Pahintulot mula sa PhilHealth accredited health facility na may eClaim system, kung kinakailangan. <p>Maaaring ipasa ang Supplemental PDR pagkatapos ma-accredit at bago ma-release ang reimbursements.</p>
12. Magkano ang benepisyong ito?	Ang benepisyong ay nagkakahalaga ng Php 22,449.00.
13. Paano ang pagsumite ng claims ng isang accredited CIU?	Ang pagsusumite ng claims ay ginagawa sa pamamagitan ng Electronic Claims o E-claims. Maaring gawin ng CIU ang pagsusumite kung may sariling E-claims. Kung wala naman, maaari itong ipasumite sa katuwang o partner na PhilHealth-accredited hospital na mayroong e-Claims.
14. Maari bang maging accredited CIU ang isang L2 at L3 hospital?	Oo. Kung walang PhilHealth-accredited CIU sa lugar, ang isang pribado o pampublikong Level 2 or 3 na ospital ay dapat na makakuha ng permiso mula sa LGU at sertipikasyon mula sa DOH (please refer to Question #11) para sa karagdagang mga dokumento na kailangang isumite.
15. Kung ang isang CIU ay nagdala ng pasyente na nagkaroon ng severe pneumonia sa mas mataas na pasilidad, maari pa bang magsumite ng CCIBP claim ang CIU? Maaari rin bang magsumite ng claim para sa COVID-19 severe pneumonia ang pasilidad na pinagdalan ng pasyente?	Oo, ang CIU ay maaaring magsumite ng CCIBP claim. Samantalang ang referral hospital ay maaaring magsumite ng claim para sa severe pneumonia. Ito ay magkahiwalay na claim para sa magkaibang benepisyong.

